



**MGA PANANALITANG PANGTAPOS
ni Ginoong Jay L. Batongbacal sa Pagkilala sa mga
Nagtapos sa Kolehiyo ng Batas noong Agosto 2020**

Gng. Conchita Carpio Morales, tunay nating Mahistrado
Gng. Fides Cordero Tan, mahal na Dekano
Mga Kasamang Guro sa Kolehiyo ng Batas
Mga kamag-aaral at panauhin ng Unibersidad ng Pilipinas

Aking ikinagagalak na kayo'y batiin
sa araw na ito, bagamat parang takip-silim.
Pagsalu-salo'y ipinagbawal dahil sa pandemya,
kaya't ating pagdiriwang, sadyang na-antala.

Ang araw ng pagtatapos s'ating dalubhasaan,
tunay na mahalaga't isang palatandaan.
Simbolo ng pagbukas ng panibagong kabanata
ng aklat ng tadhana na kayo ang may-akda

Sa gitna ng krisis ng lipunang naghihirap
dahil sa kalusugan at kalakalan na bumabagsak,
inyong alalahanin sa lahat ng pagkakataon,
diwa't kabuluhan na ipina-alala namin ngayon

Mga munting kataga, malaking kahulugan:
Husay, Dangal, Tapang, at Katarungan!
Apat na katangian nawa ating inatasan
maging pabaon sa inyong pag-papaalam.

Husay sa pag-iisip, tunay na pahalagahan
dahil kayo'y mga sugo ng ating pamantasan!
Unibersidad ng Pilipinas, ating i-bandera,
Tatak ng talino na tunay na kakaiba



Dangal sa pagkatao, ating ipinu-punto
sa bawat sandali, palaging isa-ulo!
Pagiging abogado'y katungkulang sagrado,
tiwala ng tao't lipunan sadyang kailangan niyo

Tapang ng loob, dibdibin at adhikain
sa lahat ng pakikibaka, sadyang kakailanganin!
Sa loob o labas man ng hukuman matagpuan,
ito ang susi ng tagumpay sa katapusan

Katarungan para sa lahat, lagi nating ipaglaban,
Isang tao man, o sa buong sangkatauhan!
Ngunit tandaan, Batas ay kasangkapan lamang;
Gamitin at patnubayan ng puso't katuwiran!

Ang apat na ito ang huli naming pangaral,
handog sa paglahok namin sa inyong parangal.
Humayo kayo, hawak ang inyong pangarap,
sana'y maging kasangkapan ng magandang hinaharap.

Lupon ng Dalawang Libo't Dalawanpu! Palakpakan
Magyakapan, magdiwang sa kasiyahan!
Sa araw na ito, tumigil na ang pagtutuos!
Maligayang bati sa inyong pagtatapos!

Maraming Salamat po!